

1

Hindi na talaga siya makikipagpustahan kay Gareth. Iyon ang nasa isip ni Nikolas Clarence Erde Prieto habang madiin ang tapak niya sa silinyador ng kanyang *Ferrari 458 Italia*. Kasalukuyan niyang binabagtas ang malubak na daan ng bayan ng Conner, Apayao nang mapamura siya nang muling umalog ang sasakyan dahil sa mga lubak ng daan na kasinglaki yata ng mga craters sa buwan.

“F*ck this place,” the twenty-nine year old actor/drag racer muttered under his breath for the hundredth time that morning. Hindi niya talaga lubos maisip kung paanong nakayanang tumira rito ng kapatid niyang si Gareth. He swore Gareth was dropped on the head when he was a baby.

Conner, Apayao was a hellhole—literally and figuratively. Parang butas sa impiyerno ang mga lubak sa daan nito. Bagsak din ang ekonomiya nito base sa kawalan ng establishments sa bayan. Hindi siya nagiging mapangmata o mayabang, pero naman, napakaliblib ng lugar na hindi na siya magugulat kung may biglang lalabas na manananggal o kapre sa mga puno.

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

Napabuntong-hininga ang award-winning actor at wala sa loob na nilaro ang yarn bracelet na suot.

Matapos ang napakahabang biyahe, sa wakas ay natanaw niya ang maliit na barangay ng San Isidro. Gamit ang GPS ng sasakyan, natunton niya ang hospital na ipinatayo ng kanyang kapatid sa gitna ng barangay. Ipinarada niya ang sports car sa tabi ng isang vintage sports car. Napasipol siya habang nakatitig sa *Mercedes Benz 300 SL*. Sigurado siyang milyones ang halaga niyon. *Benz 300 SL* was introduced in 1954 and was best known for its distinctive gull wing doors and being the first ever four-stroke car equipped with a gasoline direct injection.

Yup, isa siyang car freak, and he was proud of it.

Lumabas siya ng kotse habang nakatitig sa katabing sasakyan. Napangisi siya. Siguro naman, hindi magiging ganoon kasama ang paglagi niya rito sa Conner, after all, kung sino man ang may-ari ng sasakyan na ito ay malamang makakasundo niya. The car was a f*cking art piece, the owner definitely had taste.

Tumunog ang cellphone niya sa bulsa at napabuga siya ng hangin. Dinukot niya iyon mula sa bulsa ng kanyang pantalon.

“Nasa labas na ’ko, ’wag kang mag-alala,” sabat niya bago pa makahirit ang nasa kabilang linya.

“About time!” Gareth fumed from the other line. “N’ung isang taon mo pa dapat ’to ginawa. Nakasal na’t lahat sina Kuya Richard at Chantal, hindi mo pa rin binayaran ang utang mo sa pustahan natin.”

Inikot niya ang bilog ng mga mata habang naglalakad papunta sa entrance ng maliit na hospital. “Yeah, yeah,” he muttered.

Nagpustahan sila noon ni Gareth kung tototohanin o hindi ng nakatatanda nilang kapatid na si Richard ang nurse na si Chantal. Kaibigan ni Gareth ang huli at nagkunwari ito noon na may gusto sa babae pero ang totoo, front lang iyon para papuntahin si Richard sa Conner. Sa tingin ni Gareth, perpekto para sa isa’t isa sina Chantal at Richard kaya nito ginawa iyon. But still, the bet was cruel and risky in many ways. Una, parang ipinain nito ang kaibigan nitong nurse sa kuya nila. Alam ng langit kung gaano ka-protective si Richard sa kanilang magkakapatid. Inakala nitong gold digger ang dalaga at muntikan nang magkandaloko-loko ang lahat dahil doon.

Ang lahat ng iyon ay mula sa napakagaling na ideya ng napakagaling nilang kapatid na si Gareth. And to think na siya ang sinasabing sakit sa ulo ng

pamilya nila. Huh. Talk about injustice!

Napaismid siya sa sarili.

Ang pusta niya ay magpapaubaya ang kuya nila para kay Gareth, pero sa huli, pinili ni Richard na ipaglaban si Chantal. To make the long story short, natalo siya sa pustahan.

Kaya ngayon heto siya. Imbis na nagpapahinga sa kung saang beach sa Pilipinas nang makakuha ng isang buwang bakasyon sa kanyang hectic showbiz life, heto siya at kailangang mag-community service sa bayang itong naiwan yata sa Stone Age. For the nth time, he reminded himself *never* to make bets with Gareth again.

Inis niyang binagtas ang lobby ng hospital.

“What the F, Nik, kung ano’ng bilis mong magpatakbo ng sasakyan, siyang bagal mo namang maglakad,” bungad sa kanya ng kapatid mula sa pasilyo sa kaliwa ng lobby. Naka-lab coat ito at nakapamaywang sa kanya.

Inikot niya ang mga mata. “*Siyang bagal mong maglakad? Where the hell did you learn that shit?*”

Tumawa lang nang malakas ang kapatid niya.

“You’ll stay at my house, may dalawang boarders ako d’on kaya kaunting consideration, Nik.”

Inis siyang tumitig sa kaharap. “I am considerate, bakit ba tingin ng lahat masama ang ugali ko? I’m a nice person.”

Tumawa si Gareth at ipinagpatuloy ang pag-aayos ng mga files nito sa cabinet. Nasa loob sila ng office nito sa second floor ng ospital.

“You’re nice. Pero insensitive ka minsan, kaya please, watch what you do and say. Ayokong ma-offend mo ang mga boarders ko.”

“Talk about the pot calling the kettle black. Between the two of us, mas malala ang topak mo. At sino ba’ng mga boarders mo? Don’t tell me you’re taking charity cases again. Gareth, alam kong gusto mong magkawang-gawa, pero hindi mo matutulungan ang mga taong ayaw tulungan ang sarili nila. Hindi mo sila tinutulungan sa ginagawa mo. People should be responsible for their own choices. Kung anuman ang kinahinatnan ng buhay nila, sila ang may gawa n’on. Stop giving out charity to f*cking everyone. It doesn’t work that way, Dude. Kailangang matutong tumayo sa sariling mga paa ang bawat isa, they have to learn to understand that they can’t lean on anybody else but themselves. You can’t blame anybody else for

what happened to yourself but yourself. Masyado mo silang pinapaasa sa 'yo."

Matabang siyang tinitigan ng kapatid niya.

"What?" kunot-noong untag niya.

"Ang daldal mo talaga minsan, Nik."

He rolled his eyes. "You may think I'm being mean but you know I'm right. People should be responsible for their own actions; lahat naman ng tao, may choice. Life is a fair game."

Hindi na siya pinansin ng kapatid, sa halip ay ibinigay sa kanya ang isang folder.

"Yan ang schedule ng community work mo. Magkukuwento ka sa mga bata dito sa ospital at magtu-tutor sa mga bata sa center. Don't worry, papasamahan kita kay Arianna, isa siya sa mga boarders ko. She's a nice girl. I think you would get along fine." Tumayo ito mula sa swivel chair nito at tinungo ang pinto.

Nakaismid na sumunod siya rito.

"Don't worry about the nurses and staff, sinabihan ko sila na huwag kang guluhin at 'wag silang kukuha ng mga pictures o video mo. Hindi rin sila magtitiktik sa media na 'andito ka. You're safe here, Bro."

“Aww, thanks. I feel so loved,” sarcastic niyang ngiti.

Ngumisi lang ang kapatid. Again, he rolled his eyes. Minsan ay mukha talagang inosenteng tupa si Gareth, pero hindi siya maloloko nito. Kilala niya ang kapatid dahil halos kakambal na niya ito sa lahat ng bagay. Sumunod siya rito palapit sa pinto.

Pagbukas nila ng pinto ay nginitian nito ang sekretarya sa receiving area ng office nito. Karugtong ng private office ni Gareth ang receiving area na iyon. Napansin niyang may isa pang babaeng naroon.

“Arianna!” narinig niyang bati ng kapatid niya sa babae.

Ngumiti ang dalaga kay Gareth at hindi niya napigilan ang bahagyang pagbilis ng tibok ng puso. He had seen his share of beautiful women before, but this woman was a masterpiece of nature.

Nakasimpleng skinny jeans at tank top lang ito, pero hindi nabawasan niyon ang natural na alindog ng dalaga.

She had thick wavy long brown hair that reached down her waist.

She could easily pass for a *Victoria's Secret* model

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

with her full high breasts, small waist, curvy hips and long toned legs that seemed to go on forever. Mestiza ito at halatang may dugong Español. She had sultry cat-like eyes framed with thick dark lashes, high cheekbones, petite nose and full pouty lips that seemed to be made for kissing.

Tumaas ang sulok ng labi niya habang nakatitig dito. Sinabi ba ni Gareth na ito ang makakasama niya sa community service? Oh, at boarder din ito ng kapatid niya? Lumapad ang kanyang ngiti. Ngayon, sigurado na siyang hindi magiging ganoon kasama ang paglagi niya rito sa Conner.

“Oh, I want you to meet my brother Nikolas,” untag ni Gareth sa dalaga.

He plastered his million-watt smile as the woman turned to him. Pero imbis na ibalik ang kanyang ngiti, tila nagkaroon ng total solar eclipse sa mukha nito sa biglang pagdilim niyon. Muntikan na siyang mapaurong.

“Hi,” pilit nitong ngiti. “I’m Arianna.”

Malamig nitong inilahad ang kamay sa kanya na tila ba may venereal disease siya. Napatitig siya sa nakalahad nitong palad, hindi sigurado kung ligtas bang hawakan niya iyon. Tingin kasi niya ay gusto

siyang sakmalin nito. Napasulyap siya sa kapatid. Nagkibit-balikat ito na tila hindi rin alam kung bakit parang reincarnation ni Hitler ang turing sa kanya ng babae.

“Uh, hi, I’m Nikolas.” Maingat niyang tinanggap ang kamay ng babae. Hindi ito nagkunwaring civil at agad na binawi ang kamay sa kanya na para bang may nakakahawa siyang sakit. This time, he scowled. What the hell was her problem?

“In case you’re wondering, yes, siya si Nikolas Prieto, ’yong artista at drag racer,” anang kapatid niya sa dalaga.

Matamis itong ngumiti kay Gareth. “Oh, I don’t watch TV and movies, nakakababa ng IQ. Pang-ten years old lang ang TV at movies ngayon.”

Napaubo si Gareth para pagtakpan ang pagtawa habang siya ay nalaglag ang panga habang nakatitig sa babaeng si Medusa yata na na-trap sa katawan ni Aphrodite.

“Well, uh...” natatawang usal ng kapatid. Matalim niya itong tinitigan. “Well, I guess you two should just get to know each other. Alas nueve na, you can start your rounds now. No rough playing, okay? Pasyente ang mga bata dito.”

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

Matamis na ngumiti ulit ang babae kay Gareth pagkatapos ay matalim naman siyang tinitigan. “Sa labas lang ako.” Iyon lang at tumalikod na ito at lumabas ng opisina.

Nakaawang ang mga labing napabaling siya sa kapatid. “What the hell did I do?”

Tumawa ito. “Tingin ko, narinig niya ang mga sinabi mo sa loob ng office ko.”

“So?” kunot-noo niya.

Tumawa ulit ang gago. “Sige na, get your ass out of here and start with your community service, Bro!” Itinulak na siya nito palabas ng opisina.

“Do you even know how to tell a story?” malamig na untag ni Arianna sa kanya na para bang college student siya na hindi marunong magbasa. “Akala ko ba artista ka? Di ba, dapat expert ka sa pagbabasa? Bakit parang mas may buhay pa ang comatose na koala bear kaysa sa 'yo? Or do you even know what a koala bear is?”

Humugot siya ng hangin at humingi ng pasensya kay Buddha. Kaunti na lang talaga at sasakalin na niya ang babaeng ito. She was a f*cking nutcase!

A beautiful and hot f*cking nutcase, but a f*cking nutcase nonetheless!

“Well, ano ba’ng maaasahan ko sa isang artista, di ba?” Her full pink lips curled in a sardonic smile. “I should have known. No wonder bagsak ang showbiz industry ng Pilipinas. Kung kagaya mo ang mga artista, wala talagang mangyayari.”

Nanatiling nakatiim ang kanyang mga labi. He was the better person between the two of them; he *refused* to sink down to her level.

Kanina pa siya nito iniinsulto habang nagkukuwento sila sa mga pasyente ng Children’s Ward. Puro snide comments ang lumalabas dito tungkol sa lahat ng gawin niya, mula sa tono ng boses niya hanggang sa pagbigkas niya hanggang sa pagtigil niya sandali para huminga. The woman was a lunatic.

“What?” Tinaasan siya nito ng kilay nang hindi siya umimik. “Hindi ma-process ng kakaunting brain cells mo ang mga sinabi ko? Na-expose ka ba sa lead n’ong bata ka? That would explain it. Tinitira n’on ang nervous system ng tao.”

That’s it! Matalim niyang tinitigan ang babae. Pagkatapos ay nginitian niya ang mga paslit na

nakatitig sa kanila. Mga lima at anim na taong gulang lang ang mga bata at kung anu-ano ang sinasabi ng babaeng ito sa harap ng mga ito.

“Okay, kids, bukas na lang ulit. Tapos na ang storytelling session natin ngayong araw!” Masigla siyang ngumiti sa mga bata at masigla ring ngumiti ang mga ito sa kanya. Mabilis niyang niyakap isa-isa ang mga ito habang matalim siyang nakatitig kay Arianna. Plastic lang itong ngumiti sa kanya.

Pagkatapos magpaalam sa mga bata ay hinila niya ang dalaga palabas ng ward. Inignora niya ang malambot at makinis na pakiramdam ng balat nito sa kanya. Isinara niya ang pinto at hinarap ang babae.

“Magkaliwanagan nga tayo, what the f*ck is your problem?”

Her cat-like eyes glared at him as if he was dirt in her shoes. He would not admit it, but the woman was sexy as hell when she was angry.

Imbis na sagutin siya, tinalikuran siya ng babae at nagmartsa ito papunta sa lobby.

Nagpintig ang ugat sa kanyang sentido. Tila ba sinabi nitong wala siyang kuwentang kausap at wala itong panahon sa kanya. F*ck, he really wanted to wring her lovely neck! He clenched his teeth

as he watched her curvy hips swayed naturally as she walked down the hallway. Kinailangan niyang alalahanin ang lahat ng kagandahang-asal na itinuro ng mahal niyang ama't ina—sumalangit nawa ang mga kaluluwa ng dalawa—upang pigilan ang sariling hilahin ang babae at ibitin ito nang patiwarik sa kahabaan ng pasilyo ng ospital.

Nag-ring ang cellphone niya sa bulsa at inis niyang sinagot iyon. “Yes?”

“Whoa, masama 'ata ang timpla mo!” bungad sa kanya ng sikat na komentarista at director na tumatayo niyang manager.

Humugot siya ng hangin at wala sa loob na piniksi ang braso kung saan nakasuot ang kanyang yarn bracelet. Nakatitig pa rin siya sa dalagang nag-mega walk out sa kanya. Pinuwersa niya ang sariling huwag pansinin kung paano hinakab ng pantalon nito ang mahubog nitong pang-upo.

“Hi, Tito Benj, what's up?”

“Wala naman masyado. Tinawagan lang ako ng *Formula One* sponsors mo, pinapaalala lang ang renewal ng contracts sa katapusan. We need you for the signing, okay?”

“Sure,” buga niya ng hangin habang nakatitig pa

rin kay Medusa incarnate.

He had been racing since he was fifteen. He was not particularly crazy about the sport but he liked the exhilarating feeling of being inside a fast car. He loved the feeling of getting lost and leaving everything behind.

Nakita niyang lumabas na ng double glass doors si Arianna at nagtungo sa parking lot. Her hair caught the sunlight, turning her brownish hair into reddish brown hue. Sumimangot siya. How could someone so beautiful be so f*cking bitchy?

Naglakad na rin siya papunta sa lobby.

“Okay, good. ’Nga pala, last day ng shooting nina Adrian sa Cagayan. May party ’atang gagawin, sama ka raw,” anang nasa kabilang linya.

“Sure. Saan?”

“Sa tinutuluyan nilang mansion d’yan sa Cagayan para sa shooting, I’ll text you the address.”

Napatango siya sa sarili. Storytelling lang ang schedule niya sa community service ngayon, pagkatapos ay ala una pa ng hapon bukas ang sunod niyang schedule. Wala siyang nakikitang masama kung pupunta siya sa mga kaibigan ngayong gabi.

“Ano raw ang mayr'on?”

“The usual.”

Bahagya siyang tumawa. The usual meant only two things; women and booze. Sanay na siya roon. Those were part of his world, after all.

“Okay, tatawagan ko na rin sila para sabihing pupunta 'ko.”

“Okay, iyon lang. And by the way, number one pa rin sa takilya ang *Eternal Love*. Congratulations, Nik.”

Ang *Eternal Love* ay ang pelikulang pinagbidahan niya nitong nakaraan. Typical na drama love story iyon—rich guy, poor girl, mga mahaderang kontrabida—it was the same ol' shit that had been done a million times already. Minsan ay hindi niya maiwasang isipin kung hindi pa ba nauumay ang mga tao sa ganoon. For one, siya ay nauumay na.

“The movie faithfully followed the romance formula, you can't go wrong with that.” Nginitian niya ang dalawang nurses sa front desk sa lobby.

“That's not true,” tawa ng manager. “Hindi lahat ng gumamit ng formula, namayagpag sa takilya. It had to do with the actors and directors, too.”

Nagkibit-balikat siya, wala sa mood

makipagbaliktakan tungkol sa kawalan ng freshness ng lokal na industriya ng pelikula.

“Well, iyon lang, Nik. Be safe there, okay?”

“Thanks.” Tinapos niya ang tawag at ibinulsa ang phone saka lumabas ng ospital. Naabutan pa niya si Arianna sa parking lot. Nakita niya itong pumasok sa vintage sports car na katabi ng kanyang *Ferrari*.

Hindi na siya nagulat nang malamang ito ang may-ari ng *Benz 300 SL*. Kahit simple ang damit ng babae ay halatang aristokrata ito. Everything about her radiated grace and elegance—mula sa tuktok ng wavy brownish hair nito hanggang sa dulo ng simpleng sneakers nito. Despite her rude manners toward him, she still radiated grace and nobility as if they were running in her f*cking blood stream.

Nang makalapit siya sa sasakyan ng dalaga ay nagtaas ito ng tingin. Sumimangot ang maganda nitong mukha pagkakita sa kanya. She looked at him snootily, na para bang siya ang pinakamababang nilalang sa buong animal kingdom.

Doon na napigtas ang lahat ng pasensya niya.

Matigas siyang ngumiti at lumapit sa sasakyan nito.

Nakababa ang bintana sa driver's seat nito at tumungo siya roon para magpantay ang kanilang mga mukha. Her sultry cat-like eyes glared at him.

“What the hell are you—”

“You're pathetic, do you know that?”

Lalong tumalim ang titig nito na tila ba gusto siyang hiwain nang pinong-pino. Tumaas ang sulok ng kanyang labi. She pushed him to the limit and he was only fighting back. Sa pagkakaalam niya, may unwritten commandment sa Biblia na nagsasabing hindi dapat nagagalit ang isang tao sa ibang tao nang walang dahilan. Or at the very least, hindi nito dapat ipakita iyon nang ganito kahantaran. This woman was violating that unwritten rule. And damn if he wouldn't do anything about it.

“Do you even have friends, Arianna? I bet wala. Sa klase ng ugali na mayr'on ka, malamang walang makatagal sa 'yo.”

Napakuyom-palad ito at namula ang magandang mukha. Ah, did he hit a sore spot? Lumapad ang kanyang ngiti.

“I'm right, aren't I? Iyon ba ang dahilan kaya nagko-community service ka? Because you don't have a life? Your own parents probably don't even

like you that's why you're here renting a place from my brother—”

“You don't know me.”

Tumawa siya. What a hypocrite. Eh siya, kilala ba siya nito para pagsalitaan ng mga sinabi nito?

“Nah, I know people like you. Your pathetic life is empty that's why you need to help other people so you could feel better about yourself. You're doing that to somehow attain a sense of self-worth. May term d'yan sa psychology, it's called 'Self-Serving Ego'. That's just sad, Ari.”

Ito naman ang tumawa at nag-tense ang buong katawan niya. Naningkit ang mga mata niya sa dalaga.

“And I supposed, tingin mo mas makabuluhan ang buhay mo?” Lumapit ito sa kanya hanggang sa ramdam na niya ang mainit nitong hininga. Her sultry eyes shone in the morning sun.

“Ano ba ang buhay mo, hmm, Nikolas? Ang mag-party at uminom hanggang sa di ka na makatayo? Ang magbida sa mga pelikulang alam mong wala namang kuwenta? Ang piliting iwanan ang lahat habang nakasakay ka sa mamahaling sports car mo sa isang karera? Does it make you feel better, hmm?”

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

Does it kill the boredom? Does acting and living another person's life in front of the camera help you forget how empty and superficial your life is? Does—”

Nagtagis ang kanyang mga bagang at matalim niyang tinitigan ito. “Shut up, you don't know anything.”

Muli itong tumawa. “Oh, did I hurt your poor fragile ego? Masakit bang marinig sa iba ang totoo? Na mababaw ang buhay mo? Ako, walang kaibigan? Ikaw, sigurado ka bang may kaibigan ka talaga? Do they even really know you? But more importantly, do you even know yourself? Huh! 'Wag kang magpakaipokrito. My life is so much better than yours. Unlike you, I'm doing what I'm doing because it's what I really want and not because I'm bored or I have nothing better to do, or because I just superficially like it. You're the one who should get a f*cking life.”

Minaniobra nito ang sasakyan paurong kaya napilitan siyang umatras. She gave him the finger before speeding out into the road.

2

“Hey, bad boy, dance with me.”

Hinila si Nikolas ng babae mula sa couch at giniya siya papunta sa dance floor. Tumalikod ito sa kanya at inilapat ang pang-upo nito sa kanyang harapan at nagsimulang gumiling.

Nanatili siyang nakatiim-bagang. He would have appreciated it better if he wasn't in a foul mood. Mahigit labinlimang oras na ang nakakaraan simula noong engkuwentro niya kay Arianna, pero hanggang ngayon ay nalalalahan pa rin niya ang mapait na timpla sa kanyang bibig dahil sa babaeng iyon. The woman had really gotten him pissed.

Pinilit niyang ituon ang lahat ng atensyon sa babae sa kanyang harapan. The woman was stone cold drunk. Pero hindi ito nag-iisa. Halos lahat ng kaibigan niya ay lango na rin sa alak ng mga oras na iyon. Napagala ang tingin niya sa mga kaibigan na nagsasayaw sa gitna ng malaking living room ng bahay. Ang ilan sa mga ito ay halos makipagniig na sa gitna nang dance floor. His friends' film afterparty was currently at its peak. Hindi niya alam eksakto kung anong oras na; hula niya ay alas dos o alas tres

na ng madaling araw. Kanina pang alas nueve sila nag-iinuman at nagsasayawan.

Humugot siya ng hangin at itinuon ulit ang atensyon sa babae, pagkatapos ay pinaglaro niya ang mga daliri sa yarn bracelet sa kanyang braso na nakayakap sa baywang ng kasayaw. Pero may biglang nakasanggi sa kanya at natapunan siya ng beer.

“F*ck!” mura niya nang maramdaman ang malamig na likido sa kanyang braso. Pero lalo siyang napamura nang makitang natapuan din ang yarn bracelet niya.

“Oh! Sorry, Pare!”

Inis niyang itinulak ang kung sinong nakasanggi sa kanya.

“Where’s the comfort room?” singhal niya sa kasayaw.

“Hey, calm down, shirt lang naman ’yan.”

“Where the f*ck is the comfort room?”

Napatigil ang mga tao sa paligid nila dahil sa pagsigaw niya. He didn’t care though, he was f*cking pissed.

“Sa dulo ng hallway sa kaliwa, Nik,” sabat ni

Adrian sabay bahagyang tulak sa lalaking nakabangga sa kanya.

Tumalikod siya nang walang pasabi at lumabas ng living room. May ilang kaibigan at kakilala na tumawag sa kanya, pero hindi niya pinansin. May ilang babae rin ang sumabit sa kanyang braso, pero hindi niya rin pinansin ang mga iyon. Dumerecho siya sa rest room sa dulo ng pasilyo.

Kinandado niya ang pinto at agad na tinungo ang lababo. Binuksan niya ang faucet at mabilis na itinapat sa ilalim niyon ang yarn bracelet. Sinuri ng kanyang mga mata ang mga detergent powders, bars at bleach sa shelf sa itaas ng faucet, pero nag-alangan siyang gamitin ang mga iyon. Luma na ang bracelet niya, natatakot siyang baka kumupas o maghimulmol iyon nang todo kapag ginamitan niya ng kung anong detergent.

Kinagat niya ang labi at napagpasyahang ibabad na lang ang bracelet nang matagal sa ilalim ng umaagos na tubig. Nang masigurong natanggal na niya ang amoy ng beer sa bracelet ay kumuha siya ng tuwalya at maingat na tinuyo iyon doon, pagkatapos ay itinapat niya ito sa hand dryer para tuluyang matuyo.

Nang matapos ang lahat ay nahilamos niya ang

mga kamay sa mukha saka napatitig sa kanyang repleksyon sa salamin.

He looked like shit. Magulo ang buhok niya at kita niya ang stress sa kanyang mga mata. Napamura siya. He supposed he really needed a break. Bigla, parang nairita siya sa pagbalik sa party. Parang ayaw niyang mapaligiran ulit ng mga lasing na nagsasayaw habang tila nagniniig na sa dance floor. At bigla rin, walang permiso sa kanya, umalingawngaw sa kanyang isip ang boses ni Arianna.

“Ano ba ang buhay mo, hmm, Nikolas? Ang mag-party at uminom hanggang sa hindi ka na makatayo?”

“Does it make you feel better, hmm?”

“Does it kill the boredom? Does acting and living another person’s life in front of the camera help make you forget how empty and superficial your life is?”

Parang gusto niyang sumigaw sa inis nang maalala iyon. F*cking shit, kahit wala ito sa harap niya ay naiinis siya nito. Growling, he pushed all thoughts of Arianna out of his mind and proceeded to carefully tie his yarn bracelet around his wrist. Lumabas siya ng banyo pagkatapos.

“Hey, Nik!” Agad siyang inakbayan ni Adrian paglabas niya ng comfort room. “You okay?”

Sarcastic siyang ngumiti sa kaibigan. “Peachy.”

Tumawa ito at hindi pinansin ang masamang mood niya. “Sama ka sa ’min sa ’taas, may private show para sa ’tin na kinuha si Gary. You’ll love it, P’re.”

Rolling his eyes, nakasimangot siyang umakyat kasama nito. Sa isang theatre room sila pumasok. Malamlam ang ilaw sa loob at may tatlong pole na naka-setup sa maliit na stage. May nakapalibot na mga couches sa stage. Nakita niyang nakaupo na roon si Gary at ang tatlo pa nilang kaibigan.

Ibinagsak niya ang katawan sa isang couch sa gitna. Obviously, pole at strip dancing ang private show na tinutukoy ni Adrian.

Pumailanlang ang tunog ng isang saxophone at lumabas mula sa kurtina ng entablado ang tatlong maalindog na babae. Agad humiyaw ang mga kasama niya. Somewhat bored, he looked at the three women. Hindi naman sa nagsasawa na siya sa mga ito, pero hindi na bago sa kanya ang pole dancing at stripping.

His eyes flickered casually on the woman in the middle. Kagaya ng dalawang kasamahan nito, halos wala na itong saplot. A tiny patch of white cloth covered the tips of her full breasts; a scrap of lace barely covered the mound between her thighs. May

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

kung anong oil ang nakapahid sa balat nito kaya tila napakakintab niyon. She had very long legs; they were very toned and shapely, he could already imagine them wrapped tightly around his waist as he rode her hard.

Natigilan siya sa isiping iyon, pagkatapos ay napatawa nang pagak sa sarili. And he actually thought he was bored. He continued staring at the woman. Her abs was very flat and she had a very small waist. Tingin niya ay kaya niyang pagsaklupin ang dalawang kamay niya sa baywang nito. And her breasts... he could imagine his teeth tearing away that scrap of cloth from her flesh, his tongue flicking at her hardened tip as his mouth closed over it, sucking hard.

He swallowed as he felt his full blown arousal straining inside his jeans. Wala sa loob na umangat sa mukha nito ang kanyang mga mata.

Doon tila tumigil ang kanyang paghinga.

Medyo madilim sa loob ng theatre sa kawalan ng sapat ang ilaw. Hindi lang iyon, may maskara din na nakatakip sa paligid ng mga mata ng babae. But he knew that face all right. Buong araw iyong nakatatak sa utak niya magmula nang makita niya ito sa opisina ni Gareth.

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

Those freaking cheekbones, that soft curve of her jaw, the tiny, almost indiscernible cleft in her chin, those full pouty lips, that small upturned nose and those huge, cat-like eyes...

Nanlaki ang mga matang iyon nang makita siya. Kung hindi pa siya sigurado kanina, ngayon ay talagang sigurado na siya. Pinakamalaking giveaway ang halatang pagkagulat nito nang makita siya. Nakita niyang halos naging estatwa ang dalaga sa gitna ng entablado. Isang nakakalokong ngiti ang hindi niya napigilang gumapang sa kanyang mga labi.

“My, my, my,” usal niya habang nakatitig kay Arianna. “What do we have here?”

3

He watched her like a predator would do to its prey. Nakatayo lang si Arianna sa gitna ng entablado, tila nabato-balani ito at hindi makagalaw. Kung hindi pa ito pasimpleng siniko ng kasamahan nito ay malamang hindi na ito gagalaw at tulalang makikipagtitigan na lang sa kanya.

He smirked when he saw the look of pure dread in her pretty eyes. Tila ngayon lang lubusang sumaklob sa isip nito ang buong sitwasyon. Tumalikod ito sa kanya. Pinanood niya ang mahigpit na paghawak ng isang kamay nito sa pole sa itaas ng ulo nito. Hindi nakalagpas sa mga mata niya na bahagyang nanginginig ang mga kamay nito.

He smirked wider. Natatakot ito. Hah! Dapat lang! She was in deep shit and they both knew it. Kinagat niya ang labi para pigilan ang pagtawa. Pero nabura ang lahat ng ngiti niya nang magsimula itong sumayaw. All his senses focused on her body as it softly swayed to the blaring music. Her hips swayed from side to side as she stood in front of the silver pole, her one hand wrapped around the metal as the other started running through her loose brownish

curls.

Napalunok siya. He watched her hips swayed seductively, the movements hesitant at first, but started becoming fluid as if her body went into automode. Umikot ito sa pole hanggang nakaharap na ito sa kanya, ang galaw nito ay tila tubig sa kinis ng pagdaloy. Her eyes were closed as she threw her head back, her upper body leaning back provocatively. Her legs were wide apart, giving him a mouth watering view of her inner thighs and of the soft flesh between them. Pero salamat sa pole ay natakpan pa rin ang dapat matakpan.

He shifted in his seat and swallowed hard again. Nakaliyad pa rin ito at hindi pa rin niya makita ang mukha. He suddenly felt annoyed. Gusto niyang itaas ang mukha nito at makita ang mga mata nitong nakatitig sa kanya.

Umayos ito ng tayo at muling umikot sa pole, pagkatapos ay pumalupot ang isa nitong binti sa metal at walang hirap na itinaas ang katawan sa bakal. She was marvelous. Her movements were graceful like flowing water. His darkened eyes helplessly followed her every movement. She rubbed against the pole sensuously, her skin gliding against the silver metal. Mahigpit na nakapalupot ang mga binti nito sa bakal,

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

ang taas ng katawan nito ay bahagyang nakaliyad. He breathed hard as he watched her grind and wrap herself around the silver pole. He wanted to be that f*cking pole. He wanted her legs wrapped tightly around him, wanted her grinding against him—her skin against his skin, her breath against his face, panting and moaning.

Malalim ang kanyang paghinga at napakabilis ng tibok ng puso niya habang patuloy ito sa pagsayaw. His eyes devoured her movements like a hungry animal, every swivel of her hips, every toss of her hair, every rise of her breasts, he devoured all of it. Halos nawala na sa isip niya na may iba pa palang tao sa loob ng silid maliban sa kanilang dalawa. Pero nang makita niyang abutin ni Arianna ang string ng pang-itaas nito na nakatali sa batok nito, doon siya tila natauhan. Nanlaki ang mga mata niya at lumipad ang tingin niya sa mga kasama; ang ilan sa mga ito ay nakatitig sa dalawang babae pa na nagsasayaw, pero ang karamihan ay kay Arianna rin nakatitig.

Nakita niyang hinila ng dalaga ang string at bago pa niya mapigilan, nakatayo na siya sa upuan at nakatalon na sa entablado. Hinagip niya ang braso nito.

“What the—”

Hindi niya hinayaang tapusin ng dalaga ang sasabihin nito at hinila ito papunta sa likod ng kurtina. Narinig niya ang protesta ng mga kaibigan, pero hindi niya pinansin. He dragged her toward the curtain then to the door of the room.

“What the hell! Let me go—”

Hindi niya ulit ito pinansin at hinila lang ito sa hallway. Madilim din sa mahabang hallway at walang ibang tao roon. Binuksan niya ang unang pintong nadaanan nila at hinila ito sa loob. Ni-lock niya ang pinto saka ito hinarap.

Her eyes were glaring bloody murder at him.

“I suppose you want to talk now.” Nakahalukipkip ito, naging dahilan para lalong maging prominente ang malusog nitong dibdib. Siyempre, bumaba ang tingin niya roon.

“Eyes up here!” Inis nitong inangat ang baba niya gamit ang mga daliri nito. Her pretty eyes were narrowed into slits. Nang mapagtanto nito ang skin contact ay binawi nito ang kamay. Pero pumulupot ang mga daliri niya sa pupulsuhan nito para pigilan itong lumayo.

“What the f*ck are you doing?”

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

Hinila niya ito hanggang sa nakalapat na ang katawan nito sa kanya. She gasped and tried to push him but he didn't let her. Lumapat ang palad niya sa likod nito at hinapit ito lalo. His breath touched her lips.

“Does anybody else know about your dirty little secret, hmm, Arianna?”

Nanlaki ang mga mata nito at napaawang ang mga labi. His eyes automatically drifted toward her soft pink lips.

“Does anybody else know Little Miss Righteous's not-so righteous secret?”

“Go to hell!”

Pinilit siya nitong itinulak, pero lalo niyang idinikit ang katawan dito hanggang sa wala nang espasyo sa pagitan nila. He pressed her hard against the door with his body and she gasped when she felt his hardness pressing against her abdomen.

“You pervert—”

“Pervert, that I am. But at least I'm not pretending to be someone I'm not.”

“Get off me, you bastard! I'll sue you for sexual harassment!”

Marahas siyang tumawa. “Go ahead! I dare you, Ari. Let’s tell the court and the media about the whole incident! Of course that includes your strip and pole dancing act. Are you ready for that, hmm? Handa ka bang ikuwento sa korte ang buong pangyayari, Ari?”

Nanlisik ang mga mata nito at nagngalit ang mga ngipin. Gusto niyang ngumisi at magyabang, pero napakahirap gawin niyon habang nakalapat ang halos hubad na nitong katawan sa kanya. Her soft body pressed to his was driving him crazy.

Itinaas niya ang isang kamay at marahang hinaplos ng isang daliri ang pang-ibabang labi nito. Napasinghap ito at nanlaki ang mga mata. He watched her eyes darkened and her breathing turned heavy. A soft pinkish tinge also flushed her skin.

That made him impossibly harder. Obviously, hindi lang siya ang apektado sa kanilang dalawa.

“G-get off me...” Mahina ang boses nito at hinihinal.

Ipinikit niya ang mga mata at dinampi ang mga labi sa punong-tainga ng dalaga. “You don’t mean that.”

“I... I do—” Napasinghap ito nang bahagya niyang kagatin ang earlobe nito. “Nikolas... I...”

He groaned, loving the way his name rolled off her tongue. He opened his mouth and softly suckled the skin below her ear.

“Nik!” Napahawak ito nang mariin sa balikat niya.

Hinapit niya ito lalo sa kanya at hinagkan ito sa panga. “Say my name again.”

“What...”

“Say my name again.” Gumapang ang mga labi niya sa pisngi nito papunta sa gilid ng labi nito. He loved the taste of her skin in his tongue, he wanted to lick and suck every inch of her. “Say my name again, Arianna.”

“I...”

Tinitigan niya ito at nakitang mariing nakapikit ang dalaga. Marahan niyang tinanggal ang maskarang bahagyang nakatabing sa itaas ng mukha nito. Hinawakan niya ito sa magkabilang pisngi. “Open your eyes, Ari. Look at me.”

Nanginginig nitong iminulat ang mga mata. Her big dark eyes were clouded with confusion and lust. Sigurado siyang ganoon din ang hitsura ng mga mata niya. He softly bit her lower lip and they both

groaned. Her lips were so freaking soft.

“Say my name, Ari.”

“No, I...”

“My name, Arianna.” Muli niyang kinagat ang pang-ibabang labi nito at muli itong umungol. Hinihinal nilang tinitigan ang isa’t isa. Her skin was flushed and her lips were parted. She was so beautiful.

“N-Nikolas...”

A wave of pure lust flooded his blood streams and he crashed his mouth to hers. Her mouth opened just as hungrily to his. Her fingers clawed at his hair and at his shoulders. He groaned in her mouth as his hands kneaded her thighs, lifting them up to wrap around his waist. Napasinghap ito nang mariing magdikit ang sentro ng kanilang mga katawan. His hands found her ass and he pulled her closer, the scrap of lace between her legs not enough to hide the fleshy softness of her heat against him.

She gasped in his mouth, her legs wrapping tightly around his waist as he ground her softness against his jean-clad hardness. Pero nang dumako ang kamay niya sa pagitan nila para damahin ito ay tila noon ito natauhan.

“Wait...” Marahas siya nitong naitulak at dahil sa liyo niya ay hindi niya ito napigilan. Hilo siyang napaatras. Dumaos ito sa pinto hanggang sa lumapat ang stilettos nito sa sahig.

Hinihinala ito, namumula ang mga labi, magulo ang buhok at namimilog ang mga matang nakatitig sa kanya. Pagkatapos, namula ang mukha nito hindi sa pagnanasa, kundi sa galit.

“You jerk!” she screamed and slapped him hard in the face. Hindi pa ito nakuntento at pinaghahampas pa siya sa dibdib. “You bastard! I’m going to kill you! You—you—ugh!”

“What the f*ck!” Hinagilap niya ang mga kamay nito para pigilan ang pagkalmot at paghampas sa kanya. But the Wicked Witch of the West was not giving up that easily. Patuloy ito sa pagtili at pilit na tinutuhod siya at hinahampas ng braso o ng siko nito. He growled and pushed her back against the door using his body again. He cursed when her abdomen bumped against his hard-on. All these movements only made him harder.

“You pervert! You jerk! How dare you—”

“Will you cut it out! What the hell, Ari! You kissed me back! ’Wag ako lang ang sisihin mo!”

“You seduced me, you good for nothing son of a b*tch!”

Doon na napigtas muli ang kanyang pasensya. Talagang forte yata ng babaeng ito ang pag-initin ang ulo niya.

“You’re really something, you know that?” he hissed against her lips. “So it’s entirely my fault, huh? Ganyan ka ba lagi? Nakikita ang lahat ng dumi ng iba, pero hindi mo nakikita ang dumi sa sarili mo? Tell me, Ari, alam ba ng iba ang tungkol sa trabaho mong ’to? Alam ba ng mga magulang mo—”

“Shut up! Wala kang alam—”

Muli siyang tumawa. “Oh, really? Ano pa ba ang dapat kong malaman? S’abi mo spoiled brat ako at bagot sa buhay ko? Ikaw, ano’ng tingin mo sa ginagawa mo? You’re obviously a spoiled rich brat who loves to have some dirty fun behind mommy and daddy’s back. Bakit? Bored ka na ba sa pag-shopping at paglustay ng pera ng pamilya mo? Bored ka na ba sa mga alahas at sa mamahaling kotse mo? Hindi na ba sapat ang mga ’yon sa ’yo? Or are you bipolar? An exhibitionist? Do you enjoy—”

Marahas siya nitong sinampal muli. Tumaas ang sulok ng kanyang labi at malamig siyang tumitig sa

mga mata nito. Namumuo ang luha sa mga iyon. Tumawa siya.

“Aww, poor Ari. Did I make the pretty princess cry? Are you going to run to your rich daddy now—”

Muling umigkas ang kamay nito, pero maagap na niyang napigilan iyon. Inignora niya ang luha sa mga mata nito o ang pagnanasang rumaragasa pa rin sa kanyang katawan dahil sa lapit nito. “I don’t know what sick games you’re playing, you hypocritical bitch. You better watch your words and actions around me if you don’t want shit to hit the fan—”

“Wala kang alam kaya ’wag kang magsasalita ng kahit na ano! I hate you, I hate people like you! I hate everything about you! ’Wag na ’wag ka na ulit lalapit sa ’kin at ’wag na ’wag mo na ulit akong kakausapin! You are a f*cking asshole! Don’t you dare come near me again!”

Marahas siya nitong itinulak sapat para magkaroon ito ng espasyo para mahila ang pinto at makalabas ng silid. Walang lingon itong tumakbo sa kahabaan ng hallway.

Ang lahat ng instincts niya ay sinasabing habulin niya ito at yugyugin sa inis. Pero nanatili lang siyang nakatayo roon sa loob ng kuwarto, malalim ang

paghinga at tiim-bagang na nakatitig sa pinto kung saan nakasandal kanina si Arianna.

The pure hatred and pain in her eyes burned in his mind. She hated him? Gusto niyang tumawa nang marahas. Sa pagsasalita nito para bang siya talaga ang kontrabida dito, na para bang kasalanan niya ang lahat ng ito. What a f*cking hypocrite.

Nabuo ang desisyon niya. So, tingin ni Arianna kamuhi-muhi siya at siya ang masama sa lahat ng ito? Well, damn her. Ipapakita niya rito kung ano talaga ang ibig sabihin ng kamuhi-muhi at masama—Nikolas Clarence Erde Prieto style.

He went straight to Gareth's house. Wala ang vintage sports car ni Arianna sa parking ng bahay kaya ang hula niya ay wala pa ang dalaga. Ang sedan lang ng kapatid ang nakita niya roon.

Pagkapatay ng makina ng *Ferrari* ay dumerecho siya sa bahay. Simple iyon, pero komportable. Hindi centralized ang air conditioning system, pero may AC unit naman sa bawat kuwarto. Dinaanang niya ang maliit na living room at tumuloy siya sa silid ni Gareth sa pinakadulo ng hallway. Pagkatapos ng limang malalakas na katok sa pinto nito ay pinagbuksan siya

ng kapatid.

Pumasok siya sa loob nang walang sabi-sabi.

“Wow, hi, Nikolas, thanks for the greeting! Ang bait mo naman para katukin ako ng ganitong oras ng umaga, samantalang halos kauwi ko lang—”

“Tell me about Arianna.”

Napatigil ang sarkastikong tirada ng nakababata niyang kapatid. Nakatayo siya sa gitna ng silid nito, nakaharap dito. His brother took in his tensed and combative stance.

Naningkit ang mga mata nito. “What did you do, Nikolas?”

“Tell me about Arianna,” matigas niyang ulit.

Humugot ito ng hangin at naglakad palapit sa malaking kama. Umupo ito roon. Walang couch o anumang maaaring maupuan sa kuwarto ni Gareth, maliban sa isang swivel chair sa work station nito. The youngest Prieto had always been a minimalist. Pero wala iyong kaso sa kanya nang mga oras na iyon. He was too tensed and edgy to even sit.

“What makes you think I’ll tell you about her? I know you, Nikolas. Obviously, may nangyari at obviously, hindi maganda ’yon. Bakit sa tingin mo

bibigyan kita ng impormasyon tungkol kay Arianna samantalang sigurado ako, kasing-sigurado na nanalo si Pacquiao kay Bradley, na iba-blackmail mo siya gamit ang kung anumang ibibigay ko sa 'yong impormasyon?"

Ni hindi siya kumurap nang sumagot. "You'll tell me, because even if you don't, I'll find out anyway. Hindi lang ikaw ang puwede kong kunan ng impormasyon."

At totoo iyon. He was going to get what he wanted one way or another. Kung may isang bagay na natutunan siya sa mga henyong kapatid na kagaya nina Richard at Anthony, iyon ay ang 'dog-eat-dog business attitude' ng mga ito. They taught him how to tear an enemy apart. He supposed it was a Prieto trait. At nang mga oras na iyon ay isa lang ang gusto niya; he wanted that hypocritical b*tch to get what she deserved. Kakalkalin niya ang lahat ng impormasyon sa babaeng iyon para gamitin laban dito.

"What do you want to know about her?"

"Everything," he said coldly.

Malamig na ngumiti si Gareth at sa loob ng ilang saglit, nag-tense lalo ang buo niyang katawan. He didn't like that smile. Tila ba sinasabi niyon na

pagsisisihan niya na ginusto niyang iyon.

“Fine, saan mo ’ko gustong magsimula? Sa katotohanang patay na ang tatay niya at nasa coma ang mama niya? O sa bankrupt sila at baon sa utang? O sa halos hindi na siya matulog para mabayaran ang mga utang nila? O sa kabila ng lahat ng ’yon, nag-vo-volunteer pa rin siya sa ospital at sa daycare center dito?”

Tila may nagbuhos sa kanya ng nagyeyelong tubig sa narinig. “What do you mean—”

Pero pinutol agad siya ng kapatid. “They’re bankrupt. N’ong mamatay sa aksidente ang papa niya seven years na ang nakakaraan, nalaman nilang baon na pala sila sa utang. Nalulong sa casino ang papa niya at naisangla ang assets nila. Pati pera ng kompanya ng pamilya, nagalaw na nito. Kasama ang mama niya sa aksidente at nag-fifty-fifty. Nabaldado ang mama niya dahil d’on. She was only nineteen when all that happened. Nadagdag sa utang ang mga medical bills. Hindi sila tinulungan ng mga kamag-anak nila dahil ’yong tatay niya, kinurakot pati ’yong pera ng family corporation para sa bisyo nito. N’ong isang buwan lang na-stroke ang mama niya at ngayon ay nasa coma. Hindi pa niya tapos bayaran ’yong naunang medical bills at ngayon nadagdagan na

naman. She's a web designer and programmer. She volunteers in the hospital and in the daycare center at least four times a week. Ano pa'ng gusto mong malaman?"

Wala sa loob na napaatras siya na para bang may nakita siyang bangkay sa harap niya. Hindi niya alam kung ano ang inaasahan niyang malaman tungkol kay Arianna, pero sigurado siyang hindi ito iyon.

"You're lying... She's rich... she has that freaking car—"

"Yon lang ang naisalba niya sa lahat ng ari-arian nila. I think it's her father's."

His gut clenched tightly as if somebody just twisted his insides. "How... how did you know all these?"

"Rumors. Maliit na bayan lang 'to. Magkakakilala lahat ng tao. Trust me, totoo ang mga sinabi ko. Hindi sikreto ang buhay niya sa mga tao rito. Kahit ikaw, malalaman mo rin ang tungkol sa kanya sa paglagi mo rito. Walang masyadong entertainment ang mga tao dito kundi pag-usapan ang ibang tao. Her family's story is a popular soap opera pastime of the people here."

Biglang umagos sa alaala niya ang hitsura ng

Naughty Or Nice? - Dior Madrigal

dalaga kanina. The image of her teary eyes burned in his mind. Pati malulupit na mga salitang binitawan niya kay Arianna ay umalingawngaw din sa isip niya. Mariin siyang lumunok at naisuklay ang mga daliri sa buhok.

“Don’t give her more shit, Nikolas. She’s been through a lot, hindi niya kailangan ng dagdag na problema. ’Wag mo siyang guluhin. Don’t you dare hurt her.”

Gusto niyang tumawa nang pagak. Don’t dare hurt her? Masyado nang huli ang babalang iyon.

Tiim-bagang siyang napatitig sa kanyang yarn bracelet.

“Shit...” Mariin siyang napapikit. “Shit, shit, shit.”